Republic of the Philippines
Department of Education
Cordillera Administrative Region
**SCHOOLS DIVISION OF BENGUET**
Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) 422-6570; (074)422-7501

Document Code:
SDO-GQF-QF-OSDS-SDS-003

Effectivity Date: 9-03-2018

**PANDIBISYONG MEMORANDUM BLG. 54 S. 2019**

Name of Office: SDO-CID

Pebrero 26, 2019

Para sa: Punong Tagamasid ng CID
Tagamasid sa Filipino
Mga Pandistritong Tagamasid/Namamahala ng mga Distrito
Mga Namumuno ng mga Pampublikong Paaralang Sekundarya
Lahat ng Kinauukulan

FEB 26 2019

Mula kay: **MARIE CAROLYN B. VERANO, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Paksa : **PANDIBISYONG PAGSASANAY-PALIHAN NG MGA GURO SA KRITIKAL NA NILALAMAN NG KURIKULUM NG FILIPINO SA SEKUNDARYA BATAY SA TNA (TNA-BASED)**

1. Bilang tugon sa pangangailangang tuloy-tuloy na malinang ang kaalaman at kasanayan ng mga guro na maipatupad nang maayos ang bagong kurikulum, ilulunsad ng Sangay ng Benguet ang tatlong araw na **Pandibisyong Pagsasanay-Palihan sa Kritikal na Nilalaman ng Kurikulum ng Filipino sa Sekundarya** sa Marso 6-8, 2019 na gaganapin sa Ecolodge, Resurrection Compound, Magsaysay Avenue, Baguio City.

2. Pagkatapos ng nasabing pagsasanay-palihan, inaasahan ang mga kalahok na:
   a. nasusuri ang kritikal na nilalaman ng kurirkulum sa Filipino sa sekundarya;
   b. nailalapat ang mga angkop na dulog at estratehiya sa pagtuturo ng mga kritikal na nilalaman ng kurikulum; at
   c. nakapaglalatag ng tiyak na plano sa pagtuturo ng mga kritikal na nilalaman ng asignatura.

3. Bawat paaralang sekondarya, kasama ang mga annexes, ay inaasahang magpapadala ng isang kalahok na bibigyang-prayoridad ang nagtuturo ng ikapitong baitang at ang mga guro sa Filipino na hindi dumalo noong panrehiyong pagsasanay sa kritikal na nilalaman noong nakaraang taon. Sa kaso ng malalaking paaralan na Benguet NHS at Loo NHS, inaasahang magpapadala sila ng 2 kalahok. Samantala, ang mga paaralang may gurong napili bilang tagapagdaloy ay inaasahang magpapadala pa rin ng isang karagdagang kalahok.

4. Ang mga tagapagdaloy sa gawaing ito ay binubuo ng sumusunod na guro:
   a. Melita Banglo, TSHI-Main
   b. Jessica Laruan, Benguet NHS-Main
   c. Mary Ann Santos – Atok NHS
   d. Tilma Delio- La Trinidad NHS
   e. Letecia Sabadi, Bakun NHS
   f. Dominga Ramos, Mankayan NHS
   g. Justine Laosi, Balili NHS
   h. Flora Lidua, GBDAIS-Main

5. Inaasahang magkita-kita ang mga nabanggit na tagapagdaloy sa Marso 5, 2019 sa alas tres ng hapon sa SDO-Benguet upang ihanda ang mga kinakailangang kagamitan.
6. Ang pananghalian at dalawang meryenda kada araw ng tatlong araw na palihan ay popondahan ng pandibisyong HRTD fund samantalang ang gastusin sa pamasahe, akomodasyon at iba pang gastusin sa pagkain ay manggagaling sa pondo ng bawat paaralan/school MOOE sa kondisyong ito ay susunod sa alituntunin ng pagtutuos at pag-oodit.
7. Inaasahan ang dagliang pagpapalaganap sa memorandum na ito.